**Filipino 5**
**Ika-apat na Markahan**
**Ika-anim na Linggo**

Panlingguhang Layunin

*Pag-unawa sa Napakinggan*

Naisasakilos ang napakinggang awit F5PN-IVc-f-5

*Wikang Binibigkas*

Naibabahagi ang obserbasyon sa kapaligiran F5Ps-IV-f-3.1

*Gramatika*

Nagagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsali sa isang usapan F5WG-IVi-j-13.6

*Pag-unlad ng Talasalitan*

Napapangkat ang mga salitang magkakaugnay F5PT-IVc-j-6

*Pag-unawa sa Binasa*

Nasasagot ang mga tanong na bakit at paano F5PB-IVf-3.2

*Estratehiya sa Pag-aaral*

Nagagamit ang iba't ibang pahayagan ayon sa pangangailangan F5EP-IVfh-7.1

*Pagsulat*

Nakasisipi ng talata mula sa huwaran F5PU-IV-a-f-4

*Panonood*

Nasusuri ang estilong ginamit ng gumawa ng maikling pelikula F5PD-IVf-g-19

**Paunang Pagtataya**

Umisip ng isang awit tungkol sa kapaligiran at awitin ito.

**Ika-apat na Markahan**
**Ika-anim na Linggo**
***Unang Araw***

**I. Layunin**

Naisasakilos ang napakinggang awit
Naibabahagi ang obserbasyon sa kapaligiran

**II** A. **Paksang Aralin**

Pagsasakilos ng Napakinggang Awit
Pagbabahagi ng obserbasyon sa kapaligiran

B. **Sanggunian**

CG-F5PN-IVc-f-5, F5PS-IV-f-3.1

C. **Mga Kagamitan**

CD ng awit
CD/DVD player
Larawan ng kapaligiran

**III Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**

Pakinggan ang iba't ibang awit, at sabihin kung ano ang nararamdaman nyo ukol dito sa awit.

2. **Balik-aral**

Anu-ano ang mga bahagi ng pahayagan?
(Magpapakita ang guro ng bahagi ng pahayagan at sabihin kung ano ito.)

3. **Mga Gawain**

A. **Pagganyak**

Pagpapakita ng larawan ng kapaligiran.
May alam ba kayong awit tungkol sa kapaligiran?
Ano ito? Awitin.

B. **Paglalahad**

Mula sa larawan sa pagganyak, obserbahan ito.

C. **Pagtatalakay**

Ano ang masasabi nyo sa larawang aking ipinakita?
Paano mo ito pinahahalagahan/iniingatan?
Bilang isang bata, ano ang maipapangako mo ayon sa kapaligiran?
Paano mo maisasakilos ang napakinggang awit?

D. **Pagpapayamang Gawain**

Pangkatang Gawain

1. Bibigyan ng larawan ng kapaligiran ang grupo, isulat ang makikitang obserbasyon ayon dito.
2. May iparirinig ang guro na isang awit sa bawat grupo at ipapakilos ito.

E. **Paglalahat**

Ano ang gagawin mo upang maipakita/maikilos mo ng maayos ang napakinggang awit ?

F. **Paglalapat**

Pagpapakita ng dalawang larawan(isang maayos na kapaligiran at magulong kapaligiran). Isulat sa kwaderno ang naobserbahan mo at ano ang nararadaman mo sa dalawang larawan. Kung lalagyan mo ng isang awit ang bawat larawan, ano ito? Bakit?

**IV. Pagtataya**

A. Lumabas ng silid-aralan at obserbahan ang kapaligiran ng paaralan. Isulat ito sa isang buong papel. Kung may kakayahan kang baguhin ang kapaligiran, ano ito? at bakit?

B. Bubunot ang bata ng awit at pakinggan upang maikilos nya ito.

**V. Takdang –aralin**

Pag-aralan ang paborito mong awit kung paano ito maikikilos. Ipakita ito kinabukasan.

Ano ang masasabi nyo sa ating kapaligiran?

Paano ito napapanatiling malinis. Isulat ang sagot sa isang buong papel.

**Ika-apat na Markahan**
**Ika-anim na Linggo**
***Ikalawang Araw***

I. **Layunin**

Nagagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsali sa isang usapan.

**II**. A. **Paksang Aralin**

Paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsali sa isang usapan

B. **Sanggunian**

Hiyas sa Wika 5 ph. 15-20
Pagdiriwang ng Wikang Filipino 5-Wika ph. 29
Filipino, Yaman ng Lahing Kayumanggi 5 ph. 10-12

C. **Kagamitan**

Larawan ng nag-uusap

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**

Ano ang pangungusap?
Ano ang dalawang bahagi ng pangungusap?

2. **Balik-aral**

Paano mo maikikilos nang maayos ang napakinggang awit?
Kapag umuunlad ang isang bayan, ano ang naoobserbahan nyo?

**3. Mga Gawain**

A. **Pagganyak**

Kailan at anong sitwasyon nasasabi o nababanggit ang
" Ay! Swerte!"
Ngayon makakarinig kayo ng maikling dula-dulaan na babasahin ko (ng guro)
Anu-ano ang uri ng pangungusap ang maririnig sa usapang babasahin ko (ng guro)

B. **Paglalahad**

Pagbasa ng guro ng isang usapan, Ay!Swerte! sa Pagdiriwang ng Wikang Filipino 5-Wika ph. 29-30.

C. **Pagtatalakay**

Sino at bakit nakapagsabi ng Ay! Swerte! ?
Ano ang una niyang naisip gawin tungkol dito?
Kung ikaw si Josefino, gayon din ba ang iyong gagawin? Bakit?
Anu-anong uri ng pangungusap ang napakinggan?
Magbigay ng halimbawa ng pangungusap ayon sa uri nito.

D. **Pagpapayamang Gawain**

Pangkatang Gawain

Gumawa ng maikling dula-dulaan gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap tungkol sa kanya-kanyang pagbabakasyon.

E. **Paglalahat**

Anu-ano ang mga ginamit na uri ng pangungusap sa dula-dulaan ?
Paano ang mga ito nagkakaiba-iba sa paggamit?

F. **Paglalapat**

Gawin ang Isulat A sa Hiyas sa Wika 5 ph. 19.

**IV. Pagtataya**

Gumawa ng dayalogo sa pagsali mo sa usapan gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap.

**V. Takdang –Aralin**

Pangkatang Gawain

Gumawa ng dula-dulaan, maaring ito ay sa pulong sa paaralan, sa komunidad, sa palaruan, sa palengke o kahit sa tahanan gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsali mo sa usapan.

**Ika-apat na  Markahan**
**Ika-anim na Linggo**
***Ikatlong Araw***

I. **Layunin**

Napapangkat ang mga salitang magkakaugnay
Nasasagot ang mga tanong na bakit at paano

**II**. A. **Paksang Aralin**

Pagpapangkat ng mga Salitang Magkakaugnay
Pagsagot sa mga tanong na Bakit at Paano

B. **Sanggunian**

Hiyas sa Pagbasa 5 ph. 208-210
https://www.google.com.ph/search=q=salitang+magkakaugnay&espv=24biw

C. **Kagamitan**

plaskard ng mga salita
tsart
kwento ni Patjoncinjon,Taong 2998 A.D.

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**

Basahin at uriin
Pagsama-samahin ang magkakauri.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| aso | rosas | Dr. Jose Rizal | | Apolinario Mabini |
| gumamela | pusa | langaw | lamok | Andres Bonifacio |

2. **Balik-aral**

Tukuyin ang uri ng pangungusap ng mga sumusunod.

1. Aba, malaking langgam at maraming itlog!
2. Pinakain na ba ang maliliit?
3. Humihingal sa pagtakbo si Abby.
4. Ikuha ng pagkain ang prinsesa.
5. Kumusta ang mga inaalagaan ninyo?


## 3. Mga Gawain

### A. Pagganyak

Narinig na ba ninyo ang kwento ni Patjoncinjon, Taong 2998 A.D.?
Maya-maya mababasa ninyo ang kwentong tinutukoy ko.
Ano kaya sa palagay nyo ang buhay natin pagkaraan ng isangdaang taon pa?

### B. Paglalahad

Basahin ang kwento ni Patjoncinjon, Taong 2998 A.D. sa Hiyas sa Pagbasa ph. 208-209.



*Pagkaraan ng isandaang taon, ano kaya ang kabuhayan natin? Masarap mangarap ng darating ...*

Lulan ng sasakyang Menvilldozaf, ang bagong modelo ng sasakyang naglalakbay sa pamamagitan ng uling ng ipil-ipil, patungong Oinalem si Patjoncinjon. Ang Oinalem ay ang dating Mindoro, na ngayon ay isa nang maunlad na lungsod. Ito na ang daungan ng mga sasakyang pandagat na naglalakbay patungong Germany, France, Netherland, Australia, at Amerika.

Kausap ni Patjoncinjon sa kanyang *cellular phone* na kasinlaki ng *lighter* ang kanyang kaibigang si Nofuernote. Lumalabas ang mukha ng kanyang kaibigan sa salamin ng telepono habang sila'y nag-uusap.

"Ano'ng gagawin mo sa Oinalem?" ang tanong ni Nofuernote.

"Dadalawin ko si Daddy. *Birthday* niya ngayon. Isandaan at tatlumpung taong gulang na pero malakas pa. Samantalang noong mga taong 1998 daw ay bihira nang umabot sa 80 ang mga tao," ang sabi ni Patjoncinjon. "Ako? Isandaan at siyam na taong gulang na ako. Malakas pa't malinaw ang aking mga mata. Epekto ito ng mga kinakain natin. Hindi na kasi natin kinakain ang mga hayop. Sariwang isda, prutas, at mga dahon na lamang ang ating kinakain. Saka nakita mo? Wala nang polusyon sa ating paligid. Wala nang maiitim at maruruming usok. Wala na ring iba't ibang sakit na dumarapo sa mga tao. Wala nang kaingay-ingay ang paligid.

Alamin kung ano ang buhay nya noong 2998 A.D.

Hindi na siksikan ang mga bahay. Naiinom na ang mga tubig n nagmumula sa sapa, ilog, at dagat. Wala nang mga basura."

"Talagang masuwerte tayo at isinilang tayo sa panahong it Malulusog at malalakas pa kahit lagpas na tayo sa isandaang tao Sana, inabot ito ng ating mga ninuno, ano?" ang sabi ni Nofuernot

"O, ikaw ano'ng pinagkakaabalahan mo?" ang tanong Patjoncinjon.

"Naglalabas ako ng pera sa aking kompyuter. Noong ara pala ay may bangko na pinagtataguan ng pera ng ating m ninuno. Mabuti't sa panahon natin ay may sarili tayong bangk Naitatago at nailalabas natin ang ating mga pera sa pamamagit ng ating kompyuter," ang sabi ni Nofuernote.

"Ano'ng gagawin mo sa pera?" ang tanong ni Patjoncinjon

"Magnenegosyo ako ng mga kabibe sa Mars. Nakapagben na ako sa Pluto at sa Jupiter. Gustung-gusto ng mga taga-Mars a mga dinala kong kabibe. O sige, tawagan mo na lang uli ako pagbabalik mo," ang sabi ni Nofuernote.

"O sige. Bye," ang paalam ni Patjoncinjon.

C. **Pagtatalakay**

Paano napaandar ang bagong modelo ng sasakyan ?
Paano naiiba ang cellular phone noon sa taong 2998 A.D.?
Bakit pupunta sa Oinalem si Patjoncinjon?
Bakit sinasabi ni Nofuernote na higit silang mapalad kaysa sa mga tao noong unang panahon?
Angkop ba ang pamagat sa kwento? Bakit?

D. **Pagpapayamang Gawain**

Pangkatang Gawain

Magbigay ng mga salitang magkakaugnay.
Halimbawa:
Telepono-komunikasyon usok/pagsusunog g mga plastik-polusyon

E. **Paglalahat**

Sa pagsagot nyo kanina sa talakayan, ano ang napansin nyo sa mga tanong?
Alin ang mas mabilis sagutin sa mga katanungan, ang sino, kailan o paano, bakit?

Bakit mo nasabi iyon?
Ano ang hinihinging kasagutan sa tanong na Paano at Bakit?
Paano mo mapapangkat ang salitang magkakaugnay?

F. **Paglalapat**

Pangkatang Gawain

Ibigay ang salitang kaugnay ng mga sumusunod:

1. paaralan
2. Doktor
3. palayan
4. restaurant
5. tumbang preso

## IV. Pagtataya

Pagpangkat-pangkatin ang mga salitang magkakaugnay.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| monitor | Sinandomeng | bansa | gatas | aso |
| papel | kape | key board | saya | hari |
| pangulo | baro | ballpen | timba | sapatos |
| bigas | tabo | pusa | reyna | medyas |

## V. Takdang –Aralin

A. Sagutin:

1. Bakit kailangan nating makisabay sa mga pagbabagong nagaganap sa ating bansa?
2. Habang nagbabago sa teknolohiya an gating bansa, paano mo pa rin maipapasok ang tradisyong kinamulatan ng iyong mga magulang?

B. Magbigay ng 5 halimbawa ng salitang magkakaugnay.

**Ika-apat na Markahan**
**Ika-anim na Linggo**
***Ika-apat na Araw***

I. **Layunin**

Nagagamit ang iba’t ibang pahayagan ayon sa pangangailangan
Nakasisipi ng talata mula sa huwaran

**II**. A. **Paksang Aralin**

Paggamit ng Iba’t ibang Pahayagan ayon sa Pangangailangan
Pagsipi ng Talata mula sa Huwaran

B. **Sanggunian**

tl.answer.com/Q/Ano_ang_mga_uri_ng_pahayagan
www.google.com.ph/search?q=iba%27t+ibang+uri+ng+pahayagan+sa+pahayagan&esv=2&biw=1366&atbm=isch&tbo=u&source=univ
https://mysociologyproject.wordpress.com/tag/pangangalaga-sa-kalikasan/
https://tl.wikipedia.org/wiki/Paruparo

C. **Kagamitan**

iba’t ibang uri ng pahayagan

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**

Pagtukoy sa bahagi ng pahayagan. Magpapakita ang guro ng iba’t ibang bahagi ng pahayagan.

2. **Balik-aral**

Ibigay ang salitang kaugnay ng sumusunod:
1. bansa
2. sasakyan
3. pagsusulit
4. sakit
5. aklat

**3. Mga Gawain**

A. **Pagganyak**

Pagpapakita ng iba’t ibang uri ng pahayagan.
Sino sa inyo ang nakagamit na ng mga ito?

Sa paanong paraan ito ginagamit?

B. **Paglalahad**

Ipapaliwanag ng guro kung alin ang broadsheet, tabloid at magazines habang nasa harap nila ang mga uri ng pahayagan.

C. **Pagtatalakay**

Paano nagkakaiba-iba ang uri ng pahayagan ?
Magbigay ng halimbawa sa bawat uri ng pahayagan.
Paano mo ito iingatan?
Ano ang maari mong gawin matapos mo itong gamitin?
Mula sa pahayagan, magpapakita ang guro ng isang talata.
Babasahin ng mga bata, tukuyin ang mahahalagang detalye.

D. **Pagpapayamang Gawain**

Pangkatang Gawain

Hatiin sa tatlo ang klase (broadsheet, tabloid, magazine). Gumawa ng kani-kanilang pahayagan ayon sa grupo nila.

E. **Paglalahat**

Anu-ano ang uri ng pahayagan?
Magbigay ng halimbawa.
Sa pagsipi ng talata, ano ang dapat isaisip?

F. **Paglalapat**

**(**Magdidikit sa pisara/ipapakita sa pamamagitan ng projector ang talatang sisipiin ng mga bata.)
Isulat sa inyong papel ang talatang makikita sa unahan.

**IV. Pagtataya**

Sagutin

Saan ginagamit ang mga sumusunod na uri ng pahayagan:
1. broadsheet
2. tabloid
3. magazines

Magpapakita ang guro ng bahagi ng pahayagan, tukuyin kung anong uri ng pahayagan

ito.

Sipiin:

*Bawat isa sa atin ay malinaw na bahagi ng mundo – may tungkuling ginagampanan upang maisaayos o sirain ang kalikasan. Isa sa pangunahing kadahilanan kung bakit tumaas ang antas ng kamulatan sa kalagayan ng kalikasan ay dahil na rin sa pinsala sa sambayanan bunga ng kalikasan. Mistula bagang naniningil ang kalikasan sa kapinsalaang gawa ng tao sa kanya.*

*Dapat isipin nating lahat na hindi sapat na alam lang natin kung ano ang dapat gawin. Hindi sapat na maituro lamang sa atin samantalang hindi naman natin gagawin . Dapat nating gawin ang nararapat para sa ikapanunumbalik ng kaayusan hinggil sa kalikasan at ikagaganda ng buhay ngayon at sa darating na bukas. Nananawagan ako sa ating lahat na sama-sama natin itong gawin hindi lamang para sa atin kundi lalo't higit para sa mga susunod na salinlahi.*

**V. Takdang –Aralin**

Sumipi ng isang talata sa isang pahayagan. Isulat ito sa inyong kwaderno.

**Ika-apat na Markahan**
**Ika-anim na Linggo**
***Ikalimang Araw***

I. **Layunin**
Nasusuri ang estilong ginamit ng gumawa ng maikling pelikula

**II**. A. **Paksang Aralin**
Pagsuri sa Estilong Ginamit ng Gumawa ng Maikling Pelikula

B. **Sanggunian**
tojbbatac.blogspot.com/2009/02/Filipino-pagsusuri-ng-estilo-html
www.slideshare.net/vangiea/mga-sangkap-ng-pelikula
www.slideshare.net/sikolopil/pelikulang-pilipino-7297129?next_slideshow=1

C. **Kagamitan**

| | |
|---|---|
| DVD ng pelikula | telebisyon |
| DVD player | youtube-maikling pelikula |

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**

Anu-ano ang napanood mong pelikula?
Saan mo ito pinanood?

2. **Balik-aral**

Ano ang iba't ibang uri ng pahayagan? Magbigay ng halimbawa ng bawat uri.

**3. Mga Gawain**

A. **Pagganyak**

Sino sa inyo ang mahilig manood ng pelikula?
Tungkol saan ang inyong napanood?
Ngayon, muli nating balikan ang pelikulang ginawa ni Ai-ai delas Alas, Ang Tanging Ina.

B. **Paglalahad**

Ano ang pamantayan habang nanood?

Intindihin at ating suriin ang pelikula?

C. **Pagtatalakay**

Ano ang ginawa ng nanay sa pelikula upang maipakita ang pagmamahal niya sa kaniyang mga anak ?
Sa inyong palagay, tama ban a magmahalan ang bawat isa ? Bakit?
Tukuyin ang ginamit na estilo sa pelikula. Ito ay isang modernong pelikula dahil ipinakita dito na napapanahon at makatutuhanang nagyayari sa isang pamilya.

D. **Pagpapayamang Gawain**

Pangkatang Gawain

Magpapakita ang guro ng isang maikling pelikula, suriin ito. Tukuyin kung tungkol saan ang pelikula.
Ito ba ay makatotohanang paglalarawan? Bakit?
Naging malinaw ba sa mga manonood ang ipinahihiwatig ng pelikula? Sa paanong paraan?
Naging matagumpay ba ang artista/nagsiganap na mapaniwala nila ang mga manonood sa tauhang kanyang inilalarawan?

E. **Paglalahat**

Anu-ano ang estilong ginamit sa maikling pelikula?

F. **Paglalapat**

Pangkatang Gawain
Suriin ang ipapakitang maikling pelikula. Isulat sa manila paper ang inyong masusuri sa pelikula .

**IV. Pagtataya**

Sa ipinakitang maikling pelikula ng guro. Suriin ito at isulat sa kwaderno ang mga kasagutan.

**V. Takdang –Aralin**

Humanap sa Youtube ng maikling pelikula at suriin ito. Isulat sa kwaderno ang kasagutan.